Mga Karapatan ng Mag-aaral

# Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Ipinagbabawal sa ilalim ng mga batas ng karapatan sibil o pangmamamayan ang diskriminasyon at panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa mga K-12 na pampublikong paaralan. Ang diskriminasyon ay ang hindi makatarungan o hindi patas na pakikitungo o panggugulo ng isang tao *dahil* sila ay parte ng isang grupo, na tinutukoy sa ilalim ng batas, bilang isang **protektadong klase**.

Ang isang protektadong klase ay isang grupo ng mga tao na nagbabahagi ng karaniwang mga katangian at protektado mula sa diskriminasyon at panggugulo sa ilalim ng batas pederal at pang-estado. Ang mga grupong ito ay mga protektadong klase sa ilalim ng batas ng estado ng Washington:[1]

- Lahi at kulay
- Pinagmulang bansa
- Relihiyon at pinaniniwalaan
- Kasarian
- Kapansanan
- Oryentasyong seksuwal o pagkilanlan batay sa pagkaakit sa iba ng kanilang kasarian
- Pagpapahayag ng kasarian
- Pagkakakilanlan ng kasarian
- Katayuan bilang beterano o militar
- Paggamit ng sanay na gabay na aso o hayop na pantulong

## Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon at Magulong Kapaligiran

**Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon**

Ang mga paaralan ay dapat na magsagawa ng mga hakbang para protektahan ang mga mag-aaral mula sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon. Nagaganap ang panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon kapag ang pag-uugali ay:

1. Batay sa protektadong klase ng mag-aaral, **AT**
2. Ganoon katindi na lumilikha ng isang magulong kapaligiran.

Ang panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon ay maaaring kinabibilangan ng pag-uugali sa pagitan ng mga mag-aaral, pag-uugali sa pagitan ng empleyado patungo sa mag-aaral, at pag-uugali na kinasasangkutan ng mga bisita sa paaralan.

**Magulong Kapaligiran**

Ang panggugulo ay lumilikha ng isang magulong kapaligiran kapag ang pag-uugali ay ganoong napakatindi, kalaganap, o patuloy na nagdudulot ito ng limitasyon sa kakayahan ng mag-aaral na sumali, o makinabang mula sa, mga serbisiyo ng paaralan, mga aktibidad, o mga oportunidad. Ang isang magulong kapaligiran ay maaaring maka-apekto sa buhay sa paaralan ng mag-aaral sa maraming paraan. Ang sakit sa katawan, pagkabalisa sa pagpasok sa paaralan, o isang pagbaba ng mga grado o sa attendance ay maaaring maghudyat ng isang magulong kapaligiran.

**Ang pag-uugali na mapanggulo** ay maaaring magkaroon ng maraming mga anyo, tulad ng mga pagbabanta, pagkakalat ng mga tsismis, pagtatawag ng palayaw na hindi maganda, mga pagbibiro/panunukso na mapanlait, pisikal na pagsalakay, o iba pang pag-uugali na nagbabanta sa katawan, nakakasakit, o nakakapahiya/nanghahamak. Maaari rin maganap ang panggugulo kahit na walang pakay na pananakit o hindi ito direkta para sa isang indibiduwal, pero sa isang protektadong klase. Maaari rin maganap ang panggugulo bilang isang pagkakataon lang na pangyayari.

[1] Kabanata 28A.642 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.642. Kabanata 28A.640 RCW, http://apps.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=28A.640. Kabanata 49.60 RCW, http://app.leg.wa.gov/rcw/default.aspx?cite=49.60.

# Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

## Ang Sexual Harassment (Panggugulong Seksuwal) ay isang Discriminatory Harassment (Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon)

Ang **sexual harrassment (panggugulong seksuwal)** ay isang hindi kinagigiliwan na pag-ugali o komunikasyon na likas na seksuwal at **(1)** nagtutungo sa paniniwala ng mag-aaral na kailangan nilang pumailalim sa isang hindi kinagigiliwang gawing seksuwal o komunikasyon para makatamo ng kapalit—halimbawa, isang grado o puwesto sa koponang isports, O **(2)** ang gawi ay malubhang sumasagabal sa pagganap sa pag-aaral ng mag-aaral o lumilikha ng isang magulong kapaligiran.

# Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Sinumang mag-aaral o empleyado ng paaralan ay maaaring maging isang target ng sexual harassment (panggugulong seksuwal), anuman ang kasarian, sexual orientation, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian. Maaring makabilang sa mga halimbawa ng sexual harassment (panggugulong seksuwal) ang:

- Pagpipilit sa isang tao ng seksuwal na pabor
- Hindi kinawiwilihang paghihipo na likas na seksuwal
- Pamamahagi ng mga text, email o larawan na maliwanag na seksuwal
- Mga pagbibiro o panunuksong seksuwal, mga pagtsi-tsismis, o may bastos na kahulugan na mga mungkahi
- Pisikal na karahasan, kasama na ang panggagahasa at pang-aatakeng seksuwal

Makakahanap ng mas maraming impormasyon tungkol sa sexual harassment (panggugulong seksuwal), mga patnubay para sa patakaran ng distrito at pamamalakad, at may kaugnayan na mapagkukuhanan ng tulong at impormasyon: [www.k12.wa.us/Equity/Districts/SexualHarassment.aspx](http://www.k12.wa.us/Equity/Districts/SexualHarassment.aspx).

## Ang Bullying (Pananakot at Panghiyaw) ay Maaaring Isa Ring Panggugulo na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Habang hinihiling sa mga paaralan na kumilos kung i-rereport ng mga mag-aaral na sila ay nabu-bully, binibigyan ng mga karagdagang proteksyon ng mga batas para sa mga karapatang sibil/pangmamamayan ang mga mag-aaral laban sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon. Kahit na pumailalim ang pag-uugali ng mag-aaral sa ilalim ng harassment (panggugulo), intimidation (pananakot), at bullying (panghihiyaw) (HIB) na patakaran, ang pag-uugali ay maaari rin isang panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon kung batay sa protektadong klase ng mag-aaral.

Madalas, ang mga paaralan ay dapat na magsagawa ng mga karagdagang hakbang para protektahan ang mga mag-aaral mula sa ganitong uri ng panggugulo, kahit na ang pag-uugali ay saklaw ng anti-bullying (laban sa panghihiyaw) o HIB na patakaran ng paaralan. Dapat na imbestigahan ng staff (tauhan) ng paaralan ang posibleng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon—sa sandaling alam na nila o makatuwirang dapat alam—kahit na ang magulang o mag-aaral ay hindi nagsasampa ng isang pormal na reklamo.

Kung natuklasan sa imbestigasyon na ang pagbu-bully ay batay sa protektadong klase ng mag-aaral at nakalikha ng isang magulong kapaligiran, kailangang kumilos kaagad ang staff para mapahinto ang pag-uugali at matapos ang isang magulong kapaligiran. Dapat tiyakin ng paaralan na ang panggugulo ay hindi na muli pang mangyayari.

## Kailangang Tumugon ang Isang Paaralan Kaagad at sa May Bisang Paraan

**Dapat ay imbestigahan ng staff (tauhan) ng paaralan** ang posibleng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon—sa sandaling alam nila ang tungkol dito o makatuwirang dapat alam—kahit na ang magulang o mag-aaral ay hindi magsasampa ng reklamo o hihilingin mula sa paaralan na maging bahagi. Ang imbestigasyon na ito ay dapat na masusi, patas, at walang kinikilingan. Kailangan rin magsagawa ng mga hakbang ang staff (tauhan) ng paaralan para protektahan ang mga mag-aaral tuwing kinakailangan, kahit na bago makumpleto ang anumang imbestigasyon.

Kung ipinapakita sa isang imbestigasyon na ang mapanggulo na pag-uugali ay lumikha ng isang magulong kapaligiran, kailangang kumilos agad ang staff (tauhan) para mapahinto ang pag-uugali at tapusin ang magulong kapaligiran.

# Harassment na Nagpapakita ng Diskriminasyon

Ang paaralan ay dapat na:

1. Tugunan ang anumang mga epekto ng panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon sa mag-aaral sa paaralan, **AT**
2. Tiyakin na ang mapanggulong pag-uugali ay hindi na muli pangmangyayari.

Kailangang protektahan ng paaralan ang mga mag-aaral at mga magulang mula sa paghihiganti ng ibang mga mag-aaral o empleyado ng paaralan dahil nagsabi sila ng kanilang ikinababahala tungkol sa panggugulo na nagpapakita ng diskriminasyon, nagsampa ng reklamo, o sumali sa isang imbestigasyon.